# NAT Grade 10 Reviewer

FILIPINO 10

Part 1

C______1. Isang natatanging kwento na kadalasang tumatalakay sa kultura, sa mga diyosa o bathala at ang kanilang mga karanasan sa pakikisalamuha sa mga tao.

A. tula C. mitolohiya
B. nobela D. epiko

A______2. Elemento ng mitolohiya na tumutukoy sa mga diyos o diyosa na may taglay na kapangyarihan.

A. tauhan C. banghay
B. tagpuan D. tema

C______3. Tumatalakay sa mga sumusunod: kapana-panabik na aksiyon o tunggalian, sa mga suliranin at paano ito malulutas, pagpapakita ng ugnayan ng tao sa mga diyos at diyosa at interaksiyong nagaganap sa araw, buwan at daigdig.

A. tauhan C. banghay
B. tagpuan D. tema

B______4. Ito ay may kaugnayan sa kulturang kinabibilangan at sinaunang panahon.

A. tauhan C. banghay
B. tagpuan D. tema

D______5. Ang elementong ito ay nakatuon sa pinagmulan ng buhay sa daigdig, pag- uugali ng tao, paniniwalang panrelihiyon, katangian at kahinaan ng tauhan, at mga aral sa buhay.

A. tauhan C. banghay
B. tagpuan D. tema

A______6. Siya ang tinaguriang diyos ng kulog at kidlat.

A. Thor C. Skymir
B. Loki D. Utgaro-Loki

D______7. Ang anak na lalaki ng magsasaka ay si __________.

A. Logi C. Elli
B. Hugi D. Thjalfti

B______8. Isang ahas na ang haba ay sapat na upang yakapin ang daigdig ng kanyang ulo at buntot.

A. sawa C. cupbearrer
B. Miogaro D. cobra

A______9. Ano ang ibang salita na maiuugnay sa salitang mata?

A. paningin, singkit, dilat C. kabayo, tao, hayop
B. lawin, bagwis, pugo D. toliro, malinaw, malabo

B______10. Ang nanalo sa paligsahang nilahukan nina Loki at Logi ay ___.

A. Logi C. cupbearrer
B. Loki D. Thjalfti

B______11. Ito ay pag-aaral ng kasaysayan ng wika at pinag-ugatan ng mga salita.

A. gramatika C. literatura
B. etimolohiya D. onomatopoeia

B______12. Anong parusa ang ipinataw ng Prinsipe kay Romeo dahil sa pagpatay niya kay Tybalt?

A. kamatayan C. habambuhay na pagkabilanggo
B. ipinatapon sa ibang lugar D. pagbayad ng malaking halaga

A______13. Sila ang mga tauhan sa dulang naglalarawan sa walang kamatayang pag-ibig na humantong sa isang trahedya.

A. Romeo at Juliet C. Jim at Della
B. Florante at Laura D. Cupid at Psyche

A______14. Sa aling relihiyon nabibilang sina Romeo at Juliet?

A. Kristiyanismo C. Hinduismo
B. Islam D. Budismo

C______15. Aling pangyayari ang kasukdulan ng dula?
A. Ang pagpapatapon ng prinsipe kay Romeo sa malayong lugar
B. Ang pagbigay ni Padre Lawrence ng gamot pampatulog kay Juliet
C. Ang pagkamatay ni Romeo at Juliet
D. Ang ipapakasal si Juliet kay Paris ng kanyang mga magulang

D______16. Bakit ayaw pakasalan ni Juliet si Paris?
A. Hindi niya mahal si Paris. C. Hindi pa niya nakita si Paris.
B. Kasal na siya kay Romeo. D. Lahat ng nabanggit.

B______17. Ito ay akdang pampanitikan na nahahati sa yugto at maraming tagpo na karaniwang itinatanghal sa isang tanghalan o entablado.
A. tula C. mitolohiya
B. dula D. maikling kwento

D______18. Ito ay anyo ng dula na kadalasang ang bida ay hahantong sa malungkot na wakas o kabiguan.
A. Komedya C. Parodya
B. Melodrama D. Trahedya

A______19. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing tema sa dula?
A. Ang pag-ibig ay makapangyarihan
B. Laging sundin ang mga magulang
C. Mahalaga ang pagsunod sa mga panuntunan
D. Wala sa nabanggit

D______20. Ito ay pagsusuri o rebuy sa binasang akda o teksto?
A. maikling kuwento C. suring-basa
B. dula D. nobela

C______21. Ang mga sumusunod ay mga element ng isang suring-basa, maliban sa ____.
A. uri ng panitikan C. buod
B. tunggalian D. teoryang pampanitikan

B______22. Isa ito sa mga elemento ng suring-basa na tumatalakay sa mahahalagang pangyayari sa loob ng 5-6 na pangungusap kung ang akda ay maikling kuwento na ______________.
A. Uri ng panitikan C. buod
B. tunggalian D. teoryang pampanitikan

C____23. Ito ay teoryang pampanitikan na tumatalakay sa mga nasaksihan ng may-akda sa tunay na buhay.
A. Humanism C. naturalism
B. realism D. eksistensiyalismo

C______24. Ito ay teoryang pampanitikan na tumatalakay sa kinahinatnan ng pangyayari sa buhay ng tao ay bunga ng kultura at heredity.
A. Humanism C. naturalism
B. realism D. eksistensiyalismo

C______25. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang umiikot sa teoryang naturalismo?
A. Si Cardo Dalisay ay matapat na nagsisilbi bilang pulis.
B. Si Tom Robinson na mula sa lahing itim ay inakusahan sa salang di niya ginawa.
C. Pinili ni Dilma Rousseff na pagsilbihan ang bayan sa kabila ng paghihirap na naranasan sa kulungan.
D. Inihanda ni Santiago ang kaniyang salapang para sa pangingisda.

A______26. Sino ang may-akda ng "Ang Matanda at ang Dagat?
A. Ernest Hemingway C. Dilma Rousseff
B. Harper Lee D. J.K. Rowling

B______27.Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng matibay at epektibong pananaw ukol sa akda.
A. Mahusay ang paglalarawan ng mga nararanasan ng lahing maiitim dahil sa kanilang kulay.
B. Talagang mahusay ang paglalarawan ng mga naranasan ng lahing maiitim dahil sa

kanilang kulay na tinalakay sa ikalawang talata.

C. Talagang mahusay ang paglalarawan ng mga naranasan ng lahing maiitim dahil sa kanilang kulay.

D. Hindi katanggap-tanggap ang nangyari sa mga taong kabilang sa lahing maiitim.

A_____28. Pagsusuring pampanitikan tulad ng tula, sanaysay, o iba pang uri ng sanaysay.

A. suring-basa C. layunin

B. uri ng Panitikan D. bisa sa isip

A_____29. Ito ay nagpapakita o nagpapalutang na ang naganap o mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan ay bunga ng kaniyang sariling pagpili dahil naniniwala siya na ang isa sa dahilan sa pag-iral ng tao sa mundo ay para hubugin ang sarili niyang kapalaran.

A. eksistensiyalismo C. naturalismo

B. realismo D. humanismo

D_____30. Ito ay tumutukoy kung paano naimpluwensiyahan ang pag-iisip o damdamin ng mambabasa.

A. Buod C. Paksa

B. Genre D. Bisa